Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

INIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ NG KAGALANG-GALANG NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-22 NG DISYEMBRE, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magculas................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez................ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo F. Isoc.................. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............... | Kagawad |

DI DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 267-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 80-97/KAUTUSANG BLG. 2-T'97 NG SANG. BARANGAY BUBUKAL NA TINUTUGMA ANG LAANG GUGULIN SA JANITORIAL SERVICES AT HONORARIUM NG MGA KASAPI NG SANG. BARANGAY BUBUKAL SA KARAGDAGANG ALLOWANCE NG MGA BARANGAY TANOD AT CHRISTMAS GIFT NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAM NA LIBO, PITONG DAAN AT SIYAMNAPUNG ISO (P9,790.00).

**SAPAGKA'T,** inihap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kap. Blg. 80-T'97/Kautusan Blg. 2-T'97 ng Sang. Brgy Bubukal para sa karagdagang allowance ng mga Barangay Tanod at Christmas Gift na nagkakahalaga ng P9,790.00;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet ay ipinasya ng sangguniang ito na pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** anumang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay nasa pananagutan ito ng Sang. Barangay Bubukal.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel Magculas na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Celestino d. Pamatmat, Louie C. de Leon, Angelito U. Limjuco, Ricardo B. Ramirez, Heidi S. Ciriaco at Miguel M. Asinas at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kap. Blg. 80/Kautusan Blg. 2 T'97 ng Sang. Brgy. Bubukal na itinutugma ang laang gugulin sa janitorial services at honorarium ng mga kasapi ng Sang. Brgy Bubukal sa karagdagang allowance ng mga Barangay Tanod at Christmas Gift na nagkakahalaga ng P9,790.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Pambayang Pinuno sa Badyet, para sa kanilang kabatiran at kaukulang katugunan.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

BAY: ENRIQUE R. BAUTISTA
Bayan